## IKA-4 NA LINGGO SA KARANIWANG PANAHON – TAON A

Zep 2,3 at 3,12–13; 1 Cor 1,26–31; Mt 5,1–12

*Binabago ng mga Pagpapala ang ating mga puso at ginagawa tayo nitong mga tanda ng kapayapaan, awa, at katuwiran ng Diyos.*

### PANIMULA

Isang manlalakbay ang huminto minsan sa isang lugar na pinagtatayuan ng gusali at nagtanong sa isang nakatatandang mason, "Ano ang itinatayo mo?" Sumagot ang mason nang hindi man lang tumitingin sa manlalakbay, "Hinuhubog ko ang isang lugar kung saan ang mga taong hindi ko kailanman kakilala ay maaaring makatagpo ng kanlungan balang araw."

Napagtanto ng manlalakbay na ang lalaking ito ay hindi lamang naglalatag ng mga bato—gumagawa siya ng gusaling magtatagal at lalampas pa sa kanyang buhay.

Ganyan din ang ating mga buhay. Araw-araw, sa ating mga desisyon, hinuhubog natin ang ating mga tahanang panloob kung saan maninirahan ang ating mga puso. May mga araw na maayos ang ating pagtatayo; may mga araw naman na nagmamadali tayo o nagtitipid tayo sa paggawa. Gayunman, sa Kanyang katiyagaan, ay patuloy na iniaalok ng Diyos ang isang plano— isang paraan ng pagtatayo na may saysay at kagalakan.

Ibinibigay sa atin ng Ebanghelyo ngayon ang planong iyon: ang mga Pagpapala, ang kamangha-manghang pananaw ni Hesus sa isang ganap na buhay. Higit pa sila sa mga pangako; sila ay mga paanyaya— na mamuhay nang malumanay, hangarin ang tama kahit ito ay may kapalit, magpakita ng awa sa mga lugar na napabayaan, at magtiwala sa Diyos nang may mapagpakumbabang puso.

Habang sinisimulan natin ang ating pagdiriwang, hingin natin sa Panginoon na hawakan Niya ang mga bahagi ng ating buhay na kailangang muling ibangon, upang ang tahanang hinuhubog natin sa bawat araw ay maging matibay, maganda, at puspos ng Kanyang pagpapala.

### HOMILIYA – Mga Pamantayan ng Isang Ganap na Buhay: Ang Pagbati ng Diyos

Minsan merong isang matandang karpintero na tapat na nagtatrabaho sa loob ng maraming dekada. Isang araw, hiniling ng kanyang amo sa kanya na magtayo siya ng isang bahay bilang pang-huling proyekto. Pumayag ang karpintero—ngunit wala na roon ang kanyang sigasig. Gumamit siya ng mga mumurahing materyales, minadali niya ang pagtatrabaho, at nagtipid na siya sa bawat bahagi.

Nang matapos maitayo ang bahay, iniabot ng amo niya ang mga susi at sinabing, "Itong bahay na itinayo mo ay para sa iyo. Ito ang aking pasasalamat at regalo sa iyo."

Hindi naka-imik ang karpintero—ang itinayo niyang gusali na mababa ang kalidad ay ang naging kanyang tahanan.

Ang ating buhay ay ang bahay na ating itinatayo. Ibinibigay sa atin ni Hesus ang mga Pagpapala upang ang ating mga buhay—ang ating mga panloob na tahanan—ay maging matibay, maganda, at ganap.

Ang mga Pagpapala ang mga pamantayan ni Hesus para sa isang ganap na buhay … at ang pagbati ng Diyos sa lahat ng namumuhay na na-aayon dito.

Ngayong araw, siyasatin natin ang bawat isa na may kasamang maikling kuwento.

### 1. "Mapapalad ang mga mapagpakumbaba" — Ang Lakas ng Kawalan ng Karahasan

Noong mga nakaraang taon, nadatnan ng propesor ng unibersidad ang dalawang estudyanteng mainitang nagtatalo sa kanyang silid-aralan. Ang isa ay agresibo at handang makipagsuntukan; ang isa naman ay nanatiling kalmado at sinabing, "Ayaw kitang insultuhin pabalik—kaibigan pa rin kita kahit hindi mo ako itinuturing na kaibigan sa ngayon."

Ang kanyang pagiging kalmado ang nagpatigil sa alitan. Biglang napaiyak ang galit na estudyante at sinabing,"Kailangan ko lang ngayon ng isang taong hindi ako aawayin."

Ang pagpapakumbaba ay hindi kahinaan. Ito ay lakas na may pagpipigil—ang katapangan na tumanggi sa karahasan, kabilang na ang karahasan ng mga salita.

Makikita natin ito sa pandaigdigang saklaw sa di-marahas na pakikipaglaban ni Gandhi, iyung kay Martin Luther King Jr., at sa mapayapang mga panalangin ng mga samahan noong 1989. Ang mga mapagpakumbaba ang nagmamana sa daigdig sapagkat binabago nila ito. Mapapalad ang mga mapagpakumbaba —mapapalad ang mga hindi marahas—mapapalad ang mga nagpapatahimik ng mga alitan.

### 2. "Mapapalad ang mga naghahangad at nauuhaw para sa kabutihan" — Pananabik sa Landas ng Diyos

May isang negosyante ang minsang nagbayad para sa pinamili ng isang naghihikahos na ina, na nasa unahan niya sa kahera at hindi kayang bayaran ang kanyang pinamiling pagkain. Nang tanungin siya ng babae, "Bakit mo ako tutulungan?" sumagot siya, "Nais kong mamuhay sa isang mundo na kung saan ay ginagawa ng mga tao ang tama—kaya magsisimula ako sa sarili ko."

Ang maliit na gawaing iyon ang naglalantad ng ibig sabihin ni Hesus: ang magkaroon ng malalim na pananabik sa kung ano ang tama, hindi para sa sarili lamang kundi para din sa buong mundo.

Ang kabutihan na nahahango sa Bibliya ay hindi lamang hustisya—ito ay ang tama nating relasyon sa Diyos, at pati na rin sa ating mga kapwa.

Ipinapangako ni Hesus: *“Kapag ikaw ay naghahangad at nauuhaw sa kabutihan ng Diyos, ikaw ay masisiyahan.”* Hindi baka sakali. Hindi balang araw. Ikaw ay masisiyahan.

### 3. “Mapapalad ang mga maawain” — Ang Kapangyarihan ng Isang Mahabaging Puso

May isang batang nars na minsang nagbahagi kung paano niya inalagaan ang isang matandang lalaki na madalas magaralgal magreklamo. Iniiwasan siya nito ng ibang mga nars, ngunit sinabi ng batang nars, “Sa tingin ko, siya ay nalulungkot.”
Isang araw, pabulong na sinabi ng matanda sa kaniya, “Salamat sa hindi mo pagsuko sa akin.” Lumambot ang kanyang puso. Lumambot din ang puso ng batang nars. Silang dalawa ay binago ng awa. Ibig sabihin ng awa ay ito:

- Hindi ko tinuturing ang mga tao batay lamang sa kung ano ang nararapat sa kanila.
- Ibinabahagi ko ang ibinahagi ng Diyos sa akin: pasensya, kagandahang-loob, pang-unawa.

Kapag sinabi ni Jesus, *“Sila ay makapagkakamit ng awa,”* ang sinasabi Niya ay: “Ibahagi mo ang puso ng Diyos sa kapwa mo tao, at ibabahagi din ng Diyos sa iyo ang Kanyang puso.” Ang awa ay ang malumanay na yaman sa kaharian ng Diyos.

### 4. “Mapapalad ang mga may dalisay na puso” — Ang Pagtingin natin sa Diyos na may Bagong Pananaw

Minsan, may isang munting batang babae ang nagtanong sa kanyang lola, “Paano mo nakikita ang Diyos?” Sumagot ang lola, “Kapag tahimik ang iyong puso, mapapansin mo Siya sa lahat ng bagay.” Huminto ang bata at pabulong na nagsabi, “Sa tingin ko, nakita ko Siya sa pagsikat ng araw kanina.”

Ang kalinisan ng puso ay hindi nangangahulugang ito’y walang kapintasan. Ibig sabihin nito ay ang pagkakaroon ng pusong hindi nahahati, kung saan ay si Hesus lamang ang natatanging nananahan dito. Ang malinis na puso ay tumitingin sa mundo nang iba:

• Kung saan ang iba ay nakikita lamang ang pagkakataon, nakikita nito ang kalooban ng Diyos.
• Kung saan ang iba ay nakikita ang kalikasan, nakikita nito ang Maykapal.
• Kung saan ang iba ay nakikita ang trahedya, nakikita nito ang nakatagong paglapit ng Diyos.

### 5. “Mapapalad ang mga mahabaging loob” — Ang Pagharap Natin sa Diyos Na Kung Saan Ay Wala Tayong Ano Mang Dala

Minsan may isang mayamang babae na nakatagpo si Madre Teresa at sinabing, “Gusto kong tumulong sa mga mahihirap. Ano ang puwede kung ibigay sa inyo?” Sumagot si Madre Teresa, “Ang iyong mga kamay.” Mukhang naguluhan ang babae.
“Oo,” nakangiting sagot ni Madre Teresa. “Gamitin mo ang mga ito sa paglilingkod. Iyan ay isang regalong hindi nabibili ng pera.”

Ang pagkakaroon ng mahabaging ang loob ay nangangahulugang:
“Ako ay lubos na umaasa sa Diyos. Lahat ay Kanyang kaloob.”

Ito ay pagtitiwalang tulad ng sa bata: “Ama, kailangan Kita sa lahat ng bagay.”

Ang mga humaharap sa Diyos na walang ano mang dala—ngunit may mga mapagpasalamat na mga kamay- sila ang mga taong maaari Niyang punuin.

Sinasabi ni Hesus: *“Sa kanila ang kaharian ng langit.”* Hindi bukas—kundi namumuhay sila sa kasalukuyan sa mundo ng Diyos.

### 6. “Mapapalad ang mga nagdadalamhati” — Mga Pusong Hindi Kayang Ipagwalang-bahala ang mga Pagdurusa

Napansin ng isang batang guro na ang isa sa kanyang mga mag-aaral ay laging pumapasok sa paaralan na gutom at pagod. Sa halip na huwag pansinin ang problema, sinimulan niyang dumating sa paaralan nang mas maaga upang bigyan niya ang bata ng agahan at isang ligtas na lugar na mapagpapahingahan niya bago magsimula ang klase.

Sinabi ng kanyang mga kasamahan, “Masyado mong pinapahirapan ang sarili mo.” Sumagot siya, “Hindi ko kayang huwag pansinin ang problema.”

Ito ang ibig sabihin ni Hesus sa pagdadalamhati: hindi lamang kalungkutan,
kundi pagkahabag na tumatangging ipagwalang-bahala ang pagdurusa ng iba.

Ang mga taong ganito ay magiging panatag— hindi lamang sa pamamagitan ng mga salita, kundi sa pagkilos ng Diyos, sa kapangyarihan ng Diyos, sa pamamagitan ng Diyos.

### Maria – Ang Ganap na Halimbawa

Kapag inihambing mo ang mga Pagpapalad sa Awit ng Pagpupuri ni Maria, makikita mong sumasalamin sila sa isa’t isa.

Si Maria ay:
- may mahabaging loob — “Nakita Niya ang kababaang-loob ng Kanyang alipin,”
- may dalisay na puso — “Mangyari nawa sa akin ayon sa Iyong salita,”
- maawain — dala-dala niya si Hesus, ang mukha ng awa, sa buong mundo,

• naghahangad ng kabutihan — “Itinaas Niya ang mga mabababa,”
• mapagpakumbaba — hindi siya namimilit, kundi nag-aalok lamang,
• kabilang sa mga nagdadalamhati — siya ay nagdurusa kasama ni Kristo para sa sanlibutan.

Hindi kataka-taka na sinabi niyang: “Lahat ng sanlinlahi ay tatawagin ako na mapalad.” Ang papuri ng Diyos ay ganap na nakasalalay sa kanya.

## Ang Pangarap ni Hesus na Isang Bagong Mundo

Ang mga Pagpapalad ay ang mga pangarap ni Hesus—ang pangarap ng Diyos—para sa isang bagong mundo. Sa unang tingin, tila hindi ito makatotohanan.
Ngunit inilalarawan nila ang tao na ganap nang nabuo—ang taong tunay na nabubuhay sa Diyos.

Ang pamumuhay sa ganitong paraan ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaunawaan, pagpuna, at maging pagdurusa. Ngunit nagdadala rin ito ng kalayaan, kagalakan, at katatagan— iyung uri na hindi naibibigay ng mundo.

Kapag isinasabuhay natin ang mga Pagpapala, kahit hindi lubus, isang bagong mundo ang nagsisimulang tutubo sa kaloob-looban natin, at pagkatapos ay sa paligid natin.

**Ang Lalaking Nagtanim ng Puno ng Olibo**

May isang matandang kuwento mula sa Gitnang Silangan tungkol sa isang lalaking nagtanim ng puno ng olibo. May isang nagdaraan na tumawa at nagsabi,
“Bakit ka magtatanim ng puno ng olibo? Hindi ka mabubuhay ng sapat upang mahintay ang pamumunga at matikman ang bunga nito!”

Ngumiti ang lalaki at sumagot,
“May mga nagtanim ng puno bago ako, para ako ay makakain.
Ngayon, ako naman ang magtatanim para sa mga susunod sa akin.”

Iyan ang diwa ng mga Pagpapalad.
Isinasabuhay natin ang mga ito hindi lamang para sa ating sarili,
kundi upang makatulong sa pagtatayo ng mundong pinapangarap ni Hesus—
isang mundo kung saan umuugat ang awa, kadalisayan ng puso, pagpapakumbaba, kabutihan, at kapayapaan.

Mapalad ka—ang papuri ng Diyos ay sumasaiyo—kapag pinili mo ang ganitong paraan ng pamumuhay.

**Amen.**

**Translated into Filipino by William Valdrez**